**Pamagat**: Sumunod ka Sa Akin

**Bible Text**: Jn. 21:22 "This spake he, signifying by what death he should glorify God. And when he had spoken this, he saith unto him, Follow me."

*Pagsasalin*: Ito'y sinabi niya upang ipahiwatig kung sa anong kamatayan luluwalhatiin niya ang Diyos. At pagkatapos nito ay sinabi niya sa kanya, "Sumunod ka sa akin."

**Panimula**:

1. Tinawag ng Panginoong Jesus na mag-pastor si Pedro. (3X "lovest thou me?").
2. Pinaliwanag ng Panginoon ang kamatayan ni Pedro – at inudyok siya ng ganito: "Sumunod ka sa akin."
3. Yes alam rin natin na lahat tayo ay may takdang oras (Heb. 9:27) – pero mayroon din tayong kakaibang pag-asa (1 Cor. 15:51-53) – Mayroon isang generation ng mga Christiano na hindi po makakatikim ng kamatayan bagkus sila ay aagawin o sasagpangin ng Panginoon patungo sa Kanya ("Rapture of the Believers").
4. Habang hinihintay natin ang mga ito – isa lamang ang ating pananagutan: "Sumunod ka sa akin."
5. Nagtanong si Pedro patungkol kay Juan – at response ng Panginoon ay ganito: ano sa iyo kung ano ang gagawin ko kay Juan – basta ikaw – "sumunod ka sa akin."
6. Ito ay isang utos – hindi ito option. Obligado tayo bilang disciples niya na sundin ito.

I. **Sumunod tayo sa "Light" (Liwanag) ng Panginoon**.
   - A. 1 John 1:5-7.
   - B. A successful Christian is one who follows the Lord Jesus Christ.
   - C. Ang mundo natin ay kadiliman. Isa lang ang liwanag – ito ay ang Panginoong Jesus at ang kanyang mga salita.
   - D. Ang landas ng Christiano ay puno ng problema, panganib, hukay na patibong, at bitag SUBALIT sa liwanag ng salita ng Panginoon – maiiwasan natin ang mga ito o mapagtatagumpayan natin ang mga ito.
   - E. Hindi madali ang landas ng Christiano – subalit – sa tulong ng liwanag ng Panginoon – ito ay landas ng katuwiran nakung saan ginagabay tayo ng Panginoon.

II. **Sumunod tayo ng "Life-long" Faithfulness sa Panginoon**. (Panghabangbuhay na katapatan)
   - A. 2 Tim. 2:3-4.
   - B. Endure hardness – makipagtiis ka ng mga kahirapan.
   - C. Ang sundalo ay wala nang iba pang inaabala.
   - D. 2 Tim. 4:7 – Nakipaglaban ako ng mabuting pakikipaglaban, natapos ko na ang aking takbuhin, iningatan ko ang pananampalataya.

III. **Sumunod tayo kahit ano ang "Load" na pinapasan natin**.
   - A. Hindi tayo ligtas dahil sa ating pagtitiis. Pero, tayo ay nagtitiis dahil tayo ay ligtas sa biyaya ng Dios.
   - B. Mas-easy ang magsimula, masmahirap ang pagtatapos nito.
   - C. Lahat ng mga alagad ng Dios ay na-complete nila ang karera o takbuhan ng buhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa mundo ng kadiliman.
   - D. Paano naman tayo?

**Katapusan**:

1. Si Pedro ay inilaan ng Dios para sa kamatayan; Si Juan ay inilaan ng Dios para sa pangmatagalang pamumuhay bilang pastor ng iglesia sa Ephesus.
2. Hindi ito patungkol sa pagmamahal ng Dios – dahil pantay lahat ng Christiano sa pag-ibig ng Dios.
3. Maari ang Christiano na mag-dusa para sa kaluwalhatian ng Dios, o Mangaral at magturo sa kaluwalhatian ng Dios. Maari rin itong dalawa ay maranasan ng Christiano tulad ni Paulo.
4. Dapat sumunod tayo kay Jesus saan man mapunta ang landas natin.
5. Kung hindi mo pa tinanggap si Jesus – ganap na sumampalataya sa Kanya lamang – gawin ito ngayon upang magsimula sa iyong buhay ang pagsunod sa Panginoon.